# KAPAYAPAAN AT ANG NASYONALISMO*

Ni Jesus G. Barrera

Ako'y nahiling ng inyong Pangulong Dr. Francisco Nemenzo, Jr. na maging panauhing tagapagsalita sa inyong ikalawang Pambansang Kapulungan na ang paksa ay KAPAYAAN AT ANG NASYONALISMO. Para sa mga mulat, masigasig at kasikatang edad ng ating mga mamamayan tulad ng nagkakatipon-tipon dito sa ngayon, sadyang walang ibang higit na angkop na paksang dapat talakayin tulad ng KAPAYAPAAN at ang matibay na suhay nito, ang NASYONALISMO. Sapagka't sa ngayon, ang pangunahing pinag-uukulan ng pansin ng lahat ay ang pandaigdig na kapayapaan. At ito'y karapat dapat na nanganganib malipol sa isang digmaang *nuclear*. Bagama't ang ating pakikibaka laban sa digmaan ay di maihihiwalay sa pakikibaka para sa kapayapaan, dapat bigyang diin at pagsikapan na maiwasan o mapahupa man lamang ang anumang sigalot pandaigdig na magsisilbing titis na tutupok sa buong mundo. Ito ang isang dahilan kung bakit dumarami ang sumasalungat sa pakikidigma sa Vietnam ng mga Amerikano maging sa loob at labas ng Estados Unidos. Talos ng lahat na tutol sa digmaan sa Vietnam ang mga nakapangingilabot na kasasapitan ng sangkatauhan kapag nagkataon.

Sa pagtalakay ng kapayapaan, Kailangan nating talakayin ang mga lakas na siyang dagling humahadlang o nagbabanta laban dito.

Nanganganib ang kapayapaan sa paglaganap ng mga igtingan na naglalarawan ng muling pagdaluhong ng imperyalismo — sa ngayon ito'y nangangahulugan pa rin ng mapanupil na mga patakaran ng mga malalaki at malalakas na bansa upang sakupin ang ibang bansa hindi lamang sa pamamagitan ng lakas ng militar tulad ng dati kundi sa pangingibabaw nila sa kabuhayan, politika, ideologiya at kultura. Sa pag-uunahang maka-ungos ang isa't isa, natural lamang magkaroon ng igtingan ang magkatunggali. Subali't isang pagkakamali ang aakalain na ang mga sigalot sa daigdig na lumiligalig sa kapayapaan ay laging bunga lamang ng salungatan ng mga malalaking bansang imperyalista. Sa pagdaluhong ng imperyalismo, kalimitan na ang biktima nito ay ang mga mahihina't hindi maunlad na bansa. Sila ang nagiging *chicken feed* na parang pitsang napaglalaruan sa larangan ng politikang pandaigdig. Dahil diyan, ang mga igtingan ay dumarami hindi lamang sa mga salungatan at pag-aagawan ng mga malalaking bansa kundi dahil pa rin sa lumalaganap na pagtutol ng mga pinagsasamantalahang mga bansa.

Ang pagsulong ng sangkatauhan, na datirati'y hindi alintana, ay siyang kasaysayan ng daigdig. Sa yugtong ito ang mga lumilitaw na mahihirap at maliliit na bansang nagsisikap umunlad ay naging masigasig na kalahok sa yugtong ito ng kasaysayan ng sangkatauhan. Batid nila ngayon na maaari palang umigi ng di hamak ang kanilang kabuhayan kaysa dati, kaya't hindi na sila maaaring paglaruan ng malalaking kapangyarihan. Kaya't ang pananagutan sa kapayapaan ay hindi na maaaring isalalay na lamang sa mga malalakas na bansa. Hindi rin naman ito maaaring maging pan-

*Talumpating binigkas sa ika-2 Pambansang Kapulungan ng BRPF, Philippines, Inc., noong ika-22 ng Oktubre 1967, sa Lunsod ng San Pablo.

samantalang pagtigil sa labanan, ng magkatunggaling naghahanda lamang para sa susunod na paghahamok nila. Kailangan ang tunay na kapayapaan upang matamo ang mga kalagayang ikauunlad ng mga taong noon ay di isinasa-alang-alang. Ang malalakas at mahihina, malalaki at maliliit na mga bansa na nakakabanaag ng kinabukasang lipos ng kasaganaan at kaligayahan sa lilim ng mapayapang daigdig, ay kapwa may malaking pananagutan sa pananatili ng kapayapaan. Ang kapayapaang pangdaigdig at ang lubusang pagparam ng igtingang internasional ay siyang pangunang kondisyon sa isang bagong bansang nagsisikap sa pagpapaunlad.

Isa pang malaking dahilan kung bakit ang kapayapaan ay pinagkakaabalahan ng lahat ng mga kilusang progresibo ng panglipunan ay sapagka't ang buong daigdig ay nahaharap ngayon sa mga maselang suliraning panglipunan at pangkabuhayan. Sa halip na magamit ng tumpak ang limitado at lubhang kailangang mga kayamanan para malunasan ang mga suliraning pangkabuhayan at panglipunan, ang mga ito ngayon ay nalulustay sa mga alitan at sigalot pandaigdig. Limiin na lamang natin ang kayamanan ng pinakamayamang bansa sa daigdig ay nalulustay at iyan ay marahas na sumira sa katiwasayan ng lipunan doon sa kanilang bansa.

Sa ating panig naman, ang ating pagkakasangkot sa Vietnam ay anghati sa ating mga mamamayan sa walang lubay na pagtatalo-talo, naparalisa ang Kongreso at humantong sa walang saysay na paggugol ng ₱35 milyong piso upang tustusan ang ating hukbo doon, sa halip na gamitin ito upang lunasan ang sarili nating mga problema.

Ang pananatili dito ng mga base militar ng Amerika ay di lamang sa nakapagbibigay alinlangan sa katunayan ng ating kasarinlan kundi nasusuong din tayo pagsunod sa mga patakarang militar ng Estados Unidos. Sa pagkakasangkot ng Amerika sa napakamagugol nguni't malupit at walang saysay na Digmaan sa Vietnam sino ngayon ang makapagsabi na ang mga base militar dito sa atin ay hindi ginagamit sa panghihimasok doon ng Amerika upang tayo'y mabilang sa mga mapanghimasok sa suliranin ng ating kapit bansa na walang tanging hangad kundi ang mabuhay nang matiwasay at umunlad sa lilim ng kapayapaan?

Panahon na ngayon upang suriin nating muli ang ating lubusang pagsandig sa Amerika at dibdibang pagaralan natin kung ano ang tunay na silbi at pakay ng kanilang mga base militar dito sa ating bayan. Ang mga makabagong sandata at pagkakasulpot ng Pulahang Tsina bilang isang makapangyarihan at may *nuclear* na bansa ay nakapagpabaligtad ng tuwiran sa silbi ng mga naturang base militar dito sa ating bansa. Sa nasasaksihan sa digmaan sa Vietnam — ang mga base na ito ay higit na naaangkop sa kanilang pangangailangan doon kaysa maipaglilingkod iyon sa atin. At sa mga mapanghamong patakaran ng Amerika sa Asya ang mga baseng ito ay maganyaya lamang ng kapahamakan sa halip na maipagtanggol ang ating bayan.

Hindi man magandang sabihin ang totoo, ang kanilang mga patakarang panlabas ay maliwanag na siyang sadyang diwa ng imperyalismo. Kung sakaling hindi man ito sinasadya, ito naman ang nakapag-uudyok sa Amerika na manghimasok sa mga gawain, buhay at kapalaran ng ibang bansa. Gaya ng dapat mangyari, ang patakarang panlabas ng Amerika ngayon ay sinasalungat at nilalabanan saan mang dako. Ang Europa halimbawa, ang mga dating kaanib niya — ay pilit na umiiwas na mapangibabawan niya. Ang mga Latino Amerikano ay nagsisimulang maghimagsik laban sa diplomasya ng dolyar at panunupil ng "yankee". Tayo na lamang halos ang nalalabing may maling paniniwala na itinatangi tayo ng Amerika sa kabila ng katotohanang kanyang niyuyurakan ang ating kasarinlan (tulad ng Parity at mga kasunduan sa mga base militar)

at sa kabila ng maliwanag na panganib na lalo tayong nalalapit maging isang proterado ng malaking Imperyong Amerikano.

Samakatuwid, ang pinakabuod na gawain ng lahat ng mga kilusang progresibo at panglipunan ay ang *iswalat* at *salungatin* ang tunay na *character* ng patakarang Amerikano sa ating dako ng daigdig — ang totoo, kailangang *isiwalat at salungatin lagi ang anumang uri ng imperyalismo saan man ito buhat.*

Papaano ito maisasagawa? Dalawang stratehiya ang aking imumungkahi.

Ang una ay ang pagtatatag ng makapangyarihang lakas ng nasyonalismo sa ating bayan. Sapagka't, ang tanging mabisang panlaban sa anumang uri ng imperyalismo ay isang *mabisa*, *matatinting* at *malakas* na nasyonilismo.

Subali't sa Pilipinas, upang maging mabisa ang nasyonalismo, ito ay dapat na makiisa sa masimbuyong damdamin ng mga masa. Dapat nitong ilalarawan ang pagka-uhaw at pananabik ng ating mga nasa sa katarungang panlipunan at pangkabuhayan, at ang pagtutuwid sa lahat ng mga katiwalian sa lipunan at sa kabuhayan natin. Kaya nga't ang mga makabansa sa Pilipinas ay dapat na maging ulirang revolusyonaryo ng ating lipunan at kabuhayan — na nahahandang baguhin ang mala-peudal at huli sa panahong lipunan natin — sa pamamagitan ng pamamaraan ngayon at pinapahintulot ng ating Saligang Batas.

Tanging sa pagkakaroon ng base sa masa natin maaring maging mabisa ang ating nasyonalismo bilang panglaban sa panlulupig ng impesyalismo sa ating bayan.

Ang ikalawang stratehiya ay ang pagpapatibay sa ating kabuhayan upang ito ay di na sumandig pa sa kapangyarihan ng Amerikano. Sapagka't kailan ma't ang ating ekonomiya ay mahina ito'y mamamalaging bihag o kontrolado ng Amerikano, tulad ng nasaksihang malungkot na kasaysayan natin.

Hanggang sa ngayon, tayo'y isang bansang nagluluwas lamang ng mga pakana ng pamilihang pandaigdig. Lagi na lamang tayong pinagsasamantalahan ng mga mauunlad at industriyalisadong mga bansa na siyang nagtatakda ng halaga ng ating ipinagbibiling mga hilaw na sangkap. Sa kabilang dako naman, tayo ang bumibili ng mga yaring produkto ng mga bansang ito na ang presyo ay patuloy na tumataas taon-taon. Tayo'y isang bansang magsasaka, kaya tayo'y naghihirap. Ang kailangan natin ay maging industriyalisado upang ang ating mga di-yaring produkto o hilaw na sangkap ay magamit sa sarili nating mga pabrika. Kailangang-kailangan natin ang mga pabrika upang makalikha tayo ng lahat ng ating kakailanganin at tuloy makapagdulot ng gawain o empleyo sa mga milyun-milyong mga kababayan nating walang hanapbuhay. Ang patuloy nating pagaangkat ng mga yaring produkto mula sa ibang bansa ay nangangahulugan ng pagbibigay natin ng mga gawain at empleyo sa dayuhang manggagawa, samantalang ang ating milyun-milyong kababayan ay walang mapasukan. Subali't ang industriyalisasyong ito ay dapat maging makabansa at hindi pag-aari ng mga dayuhan na siyang nananatili sa taluktok ng kapangyarihan at nagdidikta sa takbo ng ating kabuhayan. Kailangan natin ang isang makabansang industriyalisasyon batay sa ating tunay na pangangailangan at hindi sa pangangailangan ng mga dayuhang mga amo na naglalabas sa ating bansa sa mga tubo at pakinabang bunga ng ating pawis at hirap.

Ito ang dahilan kung bakit ako'y nangangamba sa inaasal at inaanyo ng mga patakarang pangkabuhayan ng ating pamahalaan. Sa halip na industriyalisasyong lantay na maka-Pilipino, ang pamahalaan ay waring nagpupumilit maging industriyalisado ayon sa gusto ng mga dayuhan. Iyan ang pinatutunayan ng kanilang pangungumbida na tuwirang paglalagak ng puhunang dayuhan sa halip ng mga pautang

tulad ng kanilang pinasimulan noong una silang nanungkulan. Kanilang ipinahayag na ang asukal ang magaatas ng ating paninindigan sa darating na talakayan ng Pilipinas at Amerika hinggil sa Laurel-Langley Agreement. Pagkatapos, kanilang inaamo ang mga magni-niyog sa pamamagitan ng paglalabas ng mga direktiba hinggil sa pagpapabuti ng kalagayan ng industriyang nagluluwas na ito. Walang masama kung ating palalakasin ang kita ng dolyar sa pamamagitan nito kailan man tayo'y hindi naman magkakaloob sa mga dayuhan ng mga biyayang lubhang makapipinsala bilang kapalit. Sa pagpapahayag ng isang palakad na nagbibigay ng higit na importancia sa mga industriyang nagluluwas, nangangamba ako, na sa administrasyong ito, sa halip na mapasakamay ng mga Pilipino ang pagpapaunlad sa nasabing industriya, ay lalo lamang masasandig ang ating kabuhayan sa kapalaran. Gayon ang dapat karakarakang gawin ay ibunsod ang isang programa sa pagpapaunlad ng industriyang kontrolado ng Pilipino. Hindi pinansin ng administrasyon ang lumalaking pagnanais ng mga sektor pribado na makipagkalakalan sa mga bansang sosyalista na nahandang bumili ng ating mga produkto.

Samantalang ang *United Nations Conference on Trade and Development* (UNCTAD) ay nagsusumikap lunasan ang suliranin ng mga bansang nagluluwas ng mga hilaw-na-sangkap lamang tulad natin sa pamamagitan ng pagtitiyak ng mabuting presyo at merkado sa ating mga produkto — tila ba ang administrasyon ay nagpupumilit na lalung humigit ang pagkakayakap sa ating kabuhayan ng Amerika, sa halip na sikapin nitong makahulagpos sa kinamihasnang patakarang nakapagpapahirap sa atin. Sa kasalukuyang ugnayan natin sa Amerika, hindi nga natin ipinagbabayad ng buwis ang kopra subali't hindi naman tayo makapagpapasok sa kanila ng langis nang hindi tayo magbabayad ng apat na pera ($.4) sa bawat libra nito. Ito ay maliwanag at di mapagsisinungalingan ninuman na pinangangalagaan ng Amerika ang pagluluwas natin ng hilaw na sangkap subali't tutol sila sa pagluluwas natin ng mga yaring produkto. Sa madaling salita tutol sila sa ating industriyalisasyon. Ito'y madaling unawain sapagka't sadyang kapaki-pakinabang para sa kanilang sariling kapakanan ang tayo'y manatiling walang kaunlaran. Walang dapat na magalaga sa atin tulad ng ating sarili. Ngayon, higit kailan man, dapat nating ipagdiinan ang makabansa nating mga layunin, sapagka't para sa kasalukuyang liderato, ang nasyonalismo ay isa lamang matandang tugtugin. Halos wala silang binabanggit o ginagawa ukol dito sapagka't ang ating tinawag na mga "bogong Pilipino" ay hindi nakiki-isa sa ating mga adhikain. Ang totoo nito, kanilang ipinagdidiinan na tayo'y dapat pang maging lalong malapit sa ating dating mananakop na Hapon. Wala halos tayong mamakabansang kalutasan. Ang ating pangloob at panglabas na mga patakaran ay hindi atin—ito'y inaayon sa pangangailangan ng ating "iniirog na inang bayang Amerika". Ang mapagpalimos na anyo ng administrasyong ito ay lalong nagliliwanag sa kanyang kasalukuyang masidhing pananabik na makitungo sa dati-nating mananakop na Hapon. Wala halos tayong maalamang-gawin upang mabigyang kasiyahan ang ating kapit-bansa sa Hilaga. Ang mga patakaran ng *Asia Development Bank* sa kabuhayang pangrehiyon salig sa pagbibigayan ng isa't-isa ay walang salang magpapanatili sa atin bilang bansang magsasaka. Sapaka't ang Hapon ay bansang industriyalisado sa Asya, upang makapaghandog tayo sa kanila ng tulong, kailangan tayong manatiling magsasaka at taga-tustos lamang ng kanilang kailangang hilaw na sangkap. Kaya lalo pang bababa ang pagka-makabansa ng ating mga pinuno — na sa halip na iwaksi ang dating amo — sinisikap pa ngayon na magkaroon tayo ng dalawa!

Napakasamang mga pangitain ito. Lubhang kailangan ang matalas na makabansang pag-iingat at mapalakas ang makabansang pakikibaka.

Tanging ang isang malakas at mataginting na kilusang makabansa, na sinusuhayan ng masigasig na mga masa at kumikilos ng sang-ayon sa ikapagkakamit ng katarungang panglipunan at kaunlaran sa kabuhayan ng mga mamamayan, ang siyang tanging pag-asa na lulunas sa malubhang karamdamang taglay ng ating bayan. Tanging ang ganyang uring nasyonalismo ang siyang makapagtitipon at makapamamatnugot sa lahat ng mga masigasig na bahagi ng ating lipunan upang mapainog nang sama-sama ang ating lipunan tungo sa tunay na pagbabago —isang pagbabagong malaon nang pinakahihintay — na nakikipag-unahan upang huwag abutan ng marahas at mapusok na pagbabangon ng bayan, na tiyak na susunod kapag tayo ay nabigo.

Ang tungkulin nating mga naniniwala at umaasa sa mapayapang pagbabago ay ang pukawin ang ating mamamayan upang dibdiban nilang sundin ang makabansang liderato nang sa gayon sila'y makapaghalal at mapanatili ang isang pamahalaang tunay na para sa kanila at kikilos ukol sa kagalingan ng bansa. Kapag tayo'y nabigo pa rito, hindi ito mangangahulugan sa kailan man ay di na natin makakamtan ang makabansa nating adhikain. Ang tanging magiging kahulugan nito ay di na natin makakamtan pa ang ating adhikain sa mapayapang pamamaraan.

Ang ating lumulubhang kalagayan ay nangangailangan ng makabansang kalutasan. Iyan ay ating makakamtan! Ang ating pagsulong tungo sa kalayaan at kasaganaan ay hindi maipagkakait sa atin. Subali't kapag ang mga nananalig sa nasyonalismo ay walang tiyaga at hindi handa sa pagpapalaganap ng ating mga pananaw o dili kaya ang pamimilit ng mga dayuhan o ang kasakiman ng maka-dayuhan sa ating pamahalaan ay hahadlang at susupil sa mapayapa nating pagtutol — ang bayan natin ang magbubuwis ng mahal sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo at *hapis* sa halip ng mapayapang pagkakamit ng ating mga adhikain.

Huwag aakalain ninuman na matapos ang ilang taon ng kabuktutan, kabulukan, at maamong pagsunod sa bayan sa mga mananakop, ang mga Pilipino ay hindi na magkakalakasloob upang ibuwis ang kanyang buhay sa pagtubos ng kalayaan kung ito ay siyang kakailanganin!

---

## GABI

*Parang kamatayan*
*nang ikaw ay dumating*
*dala-dala mo'y*
*makapal na dilim.*
*Sa aking kinahihigang*
*papag na kawayan*
*iyong inilatag*
*ang kumot na dilim.*
*Bisig ko't buong katawan*
*sa umaga'y ubod ng lakas*
*malawak na lupa'y*
*nakayang bungkalin.*
*Ngunit parang kamatayang*
*ikaw ay dumating*
*walang ingat mong inilatag*
*dala mong makapal na dilim.*

O. del Mundo